Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-WALONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-22 NG PEBRERO, 1995 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. ANTONIO B. DICTADO	- Pang. Punong-bayan Namuno
2.	Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
3.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
4.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
5.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
6.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
7.	Kgg. ROGELIO L. LIJAUCO	- Kagawad
8.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
9.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

Di-Dumalo:

1.	Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Kagawad
2.	Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

****

KAPASIYAHAN BLG. 38-'95
(Sa mungkahi ni Kag. Dia na pinangalawahan ni Kag. Almodovar)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY SA PAGTANGGAP NG DAAN (ROADS) HANGYA (ALLEYS) AT BAKANTENG LOTE (OPEN SPACE) NG ZAVALLA VILLAGE III AT ANG PAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG-BAYAN NA LUMAGDA SA KASULATAN NG PAGTANGGAP.

YAYAMANG, ang may-ari at tagapag-unlad ng Zavalla Village III ay naghain ng kahilingang matanggap ng Pamahalaang Bayan ang mga daan at bakanteng lote ng nabanggit na pamahayan alinsunod sa itinatadhana ng mga batas at patakaran ng Human Settlements Regulatory Commission na sinusugan ng mga patakarang pinagtibay ng Housing and Land Use Regulatory Board;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagpapatibay ng pagtanggap ng daan (roads) hangya (alleys) at bakanteng lote (open space) ng Zavalla Village III at ang pagbibigay pahintulot sa Punong-bayan na lumagda sa kasulatan ng pagtanggap.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-8 Pangkaraniwang Pulong ng Sanggunian Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-22 ng Pebrero, 1995.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim